



Nancy S. Grasmick
State Superintendent of Schools

Martin O'Malley
Governor

Maryland State Department of Education
Division of Special Education/Early Intervention Services
200 W. Baltimore Street, Baltimore, MD 21201
www.marylandpublicschools.org

GABAY SA MAGULANG SA MGA MADALAS NA KATANUNGAN TUNGKOL SA REKLAMO NA ANGKOP SA PAMAMARAAN SA ESPESYAL NA EDUKASYON

1. Ano ang reklamo na angkop sa pamamaraan?

Ang reklamo na angkop sa pamamaraan ay isang pormal na reklamo tungkol sa pagkilala, pagrepaso, paglalagay sa edukasyon, o pagkakaroon ng isang walang bayad at naaangkop na pampublikong edukasyon para sa mag-aaral na mayroong kapansanan o pinapalagay na mayroong kapansanan, na maaaring humantong sa isang pagdinig sa angkop na pamamaraan.

2. Sino ang maaring magsampa ng reklamo na angkop sa pamamaraan?

Ang isang magulang o pampublikong ahensiya¹ ang maaaring magsampa ng reklamo na angkop sa pamamaraan.

3. Paano ako magsasampa ng reklamo na angkop sa pamamaraan?

Minamabuti na gamitin mo ang pormang *Hiling para sa Pamamagitan at Reklamo na Angkop sa Pamamaraan* sa pagsampa ng iyong reklamo na angkop sa pamamaraan. Subalit, anomang kahilingang nakasulat na naglalaman ng lahat ng mga impormasyong kinakailangan ang magbibigay hudyat para simulan ang pamamalakad sa reklamo na angkop sa pamamaraan. Maaari kang kumuha ng porma sa pamamagitan ng pagtawag o pagsulat sa pampublikong ahensiya na may pananagutan para sa edukasyon ng mag-aaral, sa Tanggapan ng Pangasiwaan sa Pagdinig (410-229-4281); o sa Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland, Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon/Mga Serbisyo sa Maagang Pamamagitan (410-767-7770). Ang pormang ito ay makukuha rin sa website ng Tanggapan ng Pangasiwaan sa Pagdinig sa www.oah.state.md.us at ng Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland sa www.marylandpublicschools.org (pumunta sa Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon/Mga Serbisyo sa Maagang Pamamagitan, at isunod puntan ang lugar ng Sangay ng Pagsisiyasat sa Reklamo at Angkop sa Pamamaraan (Complaint Investigation and Due Process Branch).

4. Saan ko ipapadala ang aking reklamo na angkop sa pamamaraan?

Ang iyong reklamo na angkop sa pamamaraan ay kailangang ipadala sa pampublikong ahensiya na may pananagutan para sa programang pang-edukasyon ng mag-aaral **at** sa Tanggapan ng

¹ Ang katagang pampublikong ahensiya sa dokumentong ito ay tumutukoy sa pamamalakad ng lokal na paaralan o iba pang pampublikong ahensiya na may pananagutan para sa pagbibigay ng walang bayad at angkop na pampublikong edukasyon sa mag-aaral.

Pangasiwaan sa Pagdinig (Office of Administrative Hearings). Maaaring ipadala ang porma sa pamamagitan ng koreo, fax o hatid-kamay. Ang Tanggapan ng Pangasiwaan sa Pagdinig ay hindi tumatanggap ng reklamo sa email na angkop sa pamamaraan; ang lugar ay nasa 11101 Gilroy Road, Unit E/Clerk's Office, Hunt Valley, MD 21031; ang numero ng fax ay 410-229-4277. Hindi ipapadala ng Kagawarang ng Edukasyon ng Estado ng Maryland ang reklamo na angkop sa pamamaraan sa Tanggapan ng Pangasiwaan sa Pagdinig o sa pampublikong ahensiya.

5. Ano ang takdang panahon sa pagsasampa ng reklamo na angkop sa pamamaraan?

Ang reklamo na angkop sa pamamaraan ay kailangang isampa sa loob ng dalawang (2) taon mula sa petsang alam mo, o dapat mo sanang nalaman, tungkol sa pinaninindigang kilos na naging sanhi ng reklamo. Mayroong mangilan-ilan na hindi kasama sa takdang panahon na ito; mangyaring tignan ang dokumento sa pananggalang na pamamaraan na natanggap mong karagdagang impormasyon mula sa pampublikong ahensiya.

6. Bago magkaroon ng pagkakataon sa pagdinig ng angkop sa pamamaraan, anong mga hakbang ang kailangang subukang gawin upang malutas ang reklamo?

Bago magkaroon ng pagkakataon sa pagdinig ng angkop sa pamamaraan, mayroon 30 araw na panahong paglutas. Ang panahon na ito ay nagbibigay sa iyo at sa pampublikong ahensiya na subukang lutasin ang hindi pagkakaunawaan. Maaaring ikaw o ang pampublikong ahensiya ang sumang-ayon upang masubukan ang paglutas sa hindi pagkakaunawaan sa pamamaraang may namamagitan, o kailangan na ang pampublikong ahensiya ay mag-takda ng pulong ng pagpapasya, maliban lamang kung parehong partidos ay sumang-ayon na iurong ang pulong.

Sa karagdagang impormasyon tungkol sa pamamaraang pamamagitan, mangyaring tignan ang dokumento sa mga pananggalang na pamamaraan, o ang *Gabay para sa mga Magulang na may Kadalasang Katanungan tungkol sa Pamamagitan sa Espesyal na Edukasyon (Parent's Guide to Frequently Asked Questions about Special Education Mediation)*.

7. Ano ang Pulong ng Pagpapasya?

Ang pulong ng pagpapasya ang magbibigay ng pagkakataon sa iyo at sa pampublikong ahensiya na lutasin ang hindi pagkakaunawaan bago umpisahan ang pagdinig sa angkop na pamamaraan sa pagtalakay ng mga pangyayaring bumubuo ng basihan ng reklamo at maaaring kalutasan.

8. Sino ang maaaring sumali sa pulong ng pagpapasya?

Ikaw at ang pampublikong ahensiya ang aalam kung sino ang dapat na sumali sa pulong ng pagpapasya. Ikaw, mga may kinalamang kasapi ng pangkat ng IEP, at isang kinatawan ng pampublikong ahensiya na may pananagutan magbigay ng pasya ang dapat sumali sa pulong ng pagpapasya. Ang ibang mga kasapi ay maaaring magsama ng anak, ng iyong kakampi, o ng iyong abogado. Subalit kung ang iyong abogado ang sasama sa iyo, ang abogado ng pampublikong ahensiya ay maaari ding dumalo.

9. Kailangan ko bang humiling ng isang Pulong ng Pagpapasya?

Hindi. Kailanman na ang reklamo na angkop sa pamamaraan ay isinampa ng magulang, ang pampublikong ahensiya ay kailangang magtala ng Pulong ng Pagpapasya maliban kung ang mga partidos at sumasang-ayon sa sulat na iurong ang Pulong ng Pagpapasya o ang mga partidos ay sumasang-ayon na lutasin ang hindi pagkakaunawaan na may namamagitan. Kapag ang pampublikong ahensiya ang nagsampa ng reklamo na angkop sa pamamaraan, ang isang Pulong ng Pagpapasya ay hindi na kailangan. Ang Pulong ng Pagpapasya ay hindi kailangan kung ang pampublikong ahensiya ay nagsampa ng reklamo dahil ipinalalagay na ang pampublikong ahensiya ay sumubok nang lutasin ang hindi pagkakaunawaan.

10. Kailan dapat magkaroon ng Pulong ng Pagpapasya?

Ang pampublikong ahensiya ay kailangang tumawag ng pulong ng pagpapasya sa loob ng 15 araw mula sa pagkatanggap ng iyong reklamo na angkop sa pamamaraan (maliban kung ang reklamo ay natutumbasan ang mga pangangailangan para sa mabilisang pagdining; tingnan ang tanong #13). Kung ang pampublikong ahensiya ay nabigong tumawag ng pulong ng pagpapasya sa loob ng 15 araw mula sa pagkatanggap ng iyong reklamo o nabigong sumali sa pulong, maaari mong tawagan ang Tanggapan ng Pangasiwaan sa Pagdinig at humiling ng takdang panahon para sa pagdinig ng angkop sa pamamaraan upang maumpisahan kaagad.

11. Ano na lang kung hindi ako sumama sa Pulong ng Pagpapasya?

Kapag ang pampublikong ahensiya ay hindi makuha ang iyong pagsali sa pulong ng kapasyahan pagkatapos gumawa ng resonableng pagsubokt, ang pampublikong ahensiya ay maaaring humiling na pawalang saysay ang iyong reklamo. Kapag nawalan ng saysay ang reklamo, walang gagawing pagdinig na angkop sa pamamaraan sa mga tinutukoy na reklamo.

12. Gaano kahaba ang pagsubok upang malutas ang hindi pagkakaunawaan?

Kadalasan, ikaw at ang pampublikong ahensiya ay mayroong 30 araw upang lutasin ang hindi pagkakaunawaan. Subalit kung ikaw at ang pampublikong ahensiya ay magkasundo na mayroong kinahihinatnan ang nangyayari at gusto mong magdagdag ng palugit sa takdang panahon, ito ay pinapayagan. Sa mga kaso na kailangang mapadali ang pagdinig, ikaw at ang pampublikong ahensiya ay mayroong 7 araw upang subukang lutasin ang hindi pagkakaunawaan.

13. Anong mangyayari kung hindi kami magkaroon ng kapasyahan sa Pulong ng Kapasyahan?

Kung ikaw at ang pampublikong ahensiya ay hindi magkaroon ng kapasyahan, maari kang pumayag na magbigay ng palugit sa takdang panahon para sa kapasyahan upang maipagpatuloy ang pagpupulong hanggang makarating sa kasiyasiyang kapasyahan. Kung parehong panig ay sumasang-ayon, maaari ninyong subukan ang may namamagitan upang malutas ang hindi pagkakaunawaan; o maaari kayong pumunta sa isang pagdinig na angkop sa pamamaraan.

14. Ano ang nangyayari sa isang pagdinig ng angkop sa pamamaraan?

Ang isang pagdinig ng angkop sa pamamaraan ay pinamumunuan ng isang hokum na nangangasiwa ng batas mula sa Tanggapan ng Pangasiwaan ng Pagdinig na kukuha ng ebidensiya sa parehong partidos at gagawa ng pagpapasya sa isang kasong wang

pagkakaunawaan. Sa mga impormasyon tungkol sa alituntunin at mga karapatan sa pagdinig na angkop sa pamamaraan, mangyari lamang na tignan ang dokumento sa mga pananggalang na pamamaraan.

15. Kailangan ko ba ang abogado?

Hindi, ngunit dahil sa legal na anyo ng pagdinig, ang mga magulang ay kadalasang kinakatawan ng tagapayo ngunit maaari ka ring pumunta sa pagdinig at katawanin ang mga sarili.

Para sa talaan ng mga organisasyon na nagbibigay ng walang bayad o mababang bayad na serbisyong legal o iba pang serbisyo, mangyaring tignan ang porma ng *Hiling para sa Pamamagitan at Reklamo na Angkop sa Pamamaraan (Request for Mediation and Due Process Complain)t*, o Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland/Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon/Mga Serbisyo sa Maagang Pamamagitan na may website sa www.marylandpublicschools.org (piliin ang Dibisyon, Espesyal na Edukasyon Maagang Pamamagitan, saka piliin ang Sangay ng Pagsisiyasat ng Reklamo at Angkop na Pamamaraan).

16. Ano ang takdang panahon para sa pagdinig ng angkop sa pamamaraan?

Kung ang pampublikong ahensiya ay hindi nalutas, sa iyong kasiyahan, ang reklamo na angkop sa pamamaraan, maaaring mangyari ang pagdinig na angkop sa pamamaraan. Ang tagapangasiwang hukom ng batas ay mayroong 45 araw upang magsagawa ng pagdinig at magbigay ng pangwakas na kapasyahan. Ang takdang panahon sa pagbibigay ng kapasyahan ay maaaring bigyan ng palugit kung ikaw o ang pampublikong ahensiya ay humiling.

17. Ano ang mga kailangan para sa mabilis na pagdinig, at paano nagbabago ang takdang panahon ng pagdinig ng angkop sa pamamaraan?

Kung ang iyong anak ay kasalukuyang hindi nakatala at pumapasok sa aprobadong programa sa edukasyon, O ang hindi pagkakaunawaan ay tungkol sa pagpapakita ng determinasyon, o pagbabago ng paglalagay dahil sa asal na humantong sa kilos ng pagdidisiplina, ang pagdinig ay kailangang gawain sa madaliang panahon. Sa mga kasong ito, ang pulong ng kapasyahan ay kailangang gawin sa loob ng 7 araw mula sa pagkatanggap ng pampublikong ahensiya ng paunawa tungkol sa reklamo na angkop sa pamamaraan, ang pagdinig ay kailangang gawin sa loob ng 20 araw ng pasukan mula sa pagkatanggap ng reklamo; at ang kapasyahan ay kailangang ibigay sa hindi lalampas sa 10 araw ng pasukan mula sa pagtatapos ng pagdinig.

18. Ano ang paunang pagdinig (pre-hearing) na pulong?

Isang paunang pagdinig sa pamamagitan ng telepono ay ginagawa ng Tanggapan ng Pangasiwaan ng Pagdinig upang pag-usapan ang mga detalye ng hindi pagkakaunawaan upang ng sa ganoon ay malaman ang bilang ng araw na kailangan para sa pagdinig. Sa pulong na ito, kailangan mong maghanda sa pakikipag-usap kapag ang iyong mga testigo ay kasama mo sa pagdinig.

19. Anong mangyayari kung iuulong ko ang Reklamo na Angkop sa Pamamaraan?

Maaari mong ipadala sa koreo, fax, o hatid-kamay ang isang nilagdaan mong sulat na nagsasabi na gusto mong iurong ang iyong reklamo sa Tanggapan ng Pangasiwaan ng Pagdinig, at sa pampublikong ahensiya sa pinakamadaling panahon. Ang sulat ay maaaring magsama ng impormasyon kung bakit iniurong ang reklamo.

20. Hindi mo nasagot lahat ang aking mga katanungan. Saan ako pupunta para sa tulong?

Una, mangyaring tignan ang dokumento sa pananggalang na pamamaraan na ibinigay sa iyo ng pampublikong ahensiya. Ang iyong ibang katanungan ay maaring ipadala sa may pananagutang tauhan ng pampublikong ahensiya na may pananagutan para sa edukasyon ng mag-aaral, ang iyong Kabahagi sa Tagumpay (Partners for Success) o Sentro ng Serbisyong Suporta sa Pamilya (Family Support Services Center), Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland, Tanggapan ng mga Serbisyong Suporta sa Pamilya (the Maryland State Department of Education's Family Support Services Office) (410-767-0267 or 1-800-535-0182, ext. 0267), o ang Tanggapan ng Pangasiwaan ng Pagdining (Office of Administrative Hearings' Clerk's Office) (410-229-4281). Maari ka ring makipag-ugnayan sa isa sa mga organisasyon na nagbibigay ng walang bayad o mababang bayad na pag-tulong sa mga bagay-bagay sa espesyal na edukasyon (ang talaan para sa mga organisasyong ito ay nakasama sa porma ng *Hiling para sa Mamamagitan at Reklamo na Angkop sa Pamamaraan (Request for Mediation and Due Process Complaint)*).

Ang pondo ay ibinigay sa pamamagitan ng Kagawaran ng Edukasyon sa Estado ng Maryland, Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon, Mga Serbisyo para sa Maagang Pamamagitan (Maryland State Department of Education, Division of Special Education/Early Intervention Services) mula sa IDEA Parte B Pondo #HO27A070035A, Kagawaran ng Edukasyon sa Estados Unidos, Tanggapan ng Espesyal na Edukasyon at mga Serbisyon Pagbabagong Tatag (Office of Special Education and Rehabilitation Services). Ang mga pagpapahayag na ginawa dito ay hindi nangangahulugan na ito rin ang pananaw ng Kagawaran ng Edukasyon ng Estados Unidos o anumang ahensiyang Pederal at hindi dapat ituring na ganito. Ang Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon/Mga Serbisyo para sa Maagang Pamamagitan ay tumatanggap ng pondo mula sa Tanggapan ng mga Programa sa Espesyal na Edukasyon, Tanggapan ng Espesyal na Edukasyon at Serbisyon Pagbabagong-Tatag, Kagawaran ng Edukasyon ng Estados Unidos. Ang impormasyong ito ay libreng kopyahin. Ang mga mambabasa ay hinihimok na kopyahin at ibahagi ito, subalit mangyaring ipagbigay-alam na ito ay galing sa Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon/Mga Serbisyo para sa Maagang Pamamagitan.

Ang Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland (Maryland State Department of Education) ay hindi nagdidiskrimina batay sa lahi, kulay, kasarian, edad, bansang pinanggalingan, relihiyon, o kapansanan sa mga bagay na nakakaapekto sa pagtatrabaho o sa pagbibigay-daan sa mga programa. Para sa mga tanong na may kinalaman sa patakaran ng kagawaran, mangyaring makipag-ugnayan sa Sangay ng Pagtiyak ng Katarungan at Pagsunod (Equity Assurance and Compliance Branch, Boses (410) 767-0433 o Fax (410) 767-0431. Alinsunod sa Batas sa mga Amerikanong may mga Kapansanan (Americans with Disabilities Act(ADA), ang dokumentong ito ay makukuha sa mga panghalinghing anyo, kung hihilingin. Makipag-ugnayan sa Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon/ Mga Serbisyo para sa Maagang Pamamagitan (Division of Special Education/Early Intervention Services), Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland sa boses (410) 767-0858,o fax (410) 333-1571.

Dev. 10/2007